



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-59

“NAGGAGAWAD O NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA SAN PEDRO AGRICULTURAL ASSOCIATION, INCORPORATED DITO SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. John Erick L. Perez

Tagapangulo

**Lupon sa Agrikultura, Katiyakan sa Pagkain, Transportasyon,
Komunikasyon at Impormasyong Pangteknolohiya,
Lupon sa Kagalingang Panlipunan, Kababaihan, Pamilya at
Kasarian**

at

**Lupon sa mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo
Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at
Karapatang Pantao**

SAPAGKA'T, isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat na magsulong ng pagtatatag at pagpapatakbo ng mga *non-governmental organization* upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

SAPAGKA'T, noong ika-23 ng Hunyo 2025 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2025-60 na nauukol sa “Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local bodies”;

SAPAGKA'T, ang San Pedro Agricultural Association Incorporated, sa pamamagitan ng kanilang pangulo Ms. Jennifer M. De Leon, ay nagpahayag ng kanilang intensyon na maging isang accredited CSO sa Probinsya ng Bulacan, Bayan ng Bustos upang sumunod sa aktibong pakikisama sa Lokal na Pamahalaan at maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;


SAPAGKA'T, ang San Pedro Agricultural Association Incorporated ay nakatugon sa mga dokumentong kinakailangan upang sila ay mabigyan ng akreditasyon ng Sangguniang Bayan, sang ayon sa itinakda ng DILG Memorandum Circular Number 2025-60.


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na bigyan ng akreditasyon ang San Pedro Agricultural Association Incorporated, dito sa bayan ng Bustos, Bulacan.


PINAGTIBAY, ngayong ika-23 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni

John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-23 ng Pebrero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim